## Part 5: Ang Tungkol Sa Lipunan

### 5.5 KAGULUHAN

Kung nais nating maunawaan kung paano humahantong ang isang mahinahon na usapan sa pataasan na ng boses, kinakailangan nating maunawaan ang kalikasan ng tao. Ang tanong na *Ang tao ba ay talaga bang mabuti o masama* ay mahalaga sa pag-unawa sa tunay na kalikasan ng tao.

Ito ang sinasabi ng Bibliya sa Genesis 5: Nang likhain ng Diyos ang tao, ito ay Kanyang hinubog sa sarili Niyang wangis. Nilikha Niya ang lalaki at babae, pinagpala ang mga ito at pinangalanang Tao. Dahil sa kalarawan ng Diyos ang tao, siya ay isang moral being na alam ang mabuti at masama, tama at mali. Kaya huwag nating isipin na ang source ng pagkaalam ng mabuti at masama ay ang isang puno na nasa hardin ng Eden na ang pangalan ay puno ng pagkaalam ng mabuti at masama, na kung saan ang tao ay pinagbawalang kumain.

Ang Diyos lamang ang nagbibigay kahulugan sa salitang mabuti at masama, tama at mali, at totoo at kasinungalingan. Ito ang ginusto ni Lucifer, na siya rin ay makapagbigay kahulugan sa tatlong bagay na ito: totoo, mabuti at tama. Ito ang naging sanhi ng kanyang pagkahulog sa kasalanan. Ang pagnanasang ito ang naging sanhi rin ng pagkahulog ng tao sa kasalanan.

**TIME OUT**

1. Ayon sa Genesis 5, Sino ang kalarawan ng tao?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Ano ang naging sanhi ng pagkahulog ni Lucifer sa kasalanan?

   ________________________________________

   ________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Nakakaranas ng kaguluhan ang mundo dahil: |

| | |
|---|---|
| | Mapipigilan ko ang paghantong sa matinding kaguluhan ng ating bayan sa pamamagitan ng: |

**PAG-ARALAN:**



Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.

Mga Kasalanan ng Sangkatauhan Romans 1:20-31

Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang Kanyang likas na hindi nakikita, ang Kanyang kapangyarihang walang hanggan at ang Kanyang pagka-Diyos ay maliwang na inihahayag ng Kanyang mga ginawa. Kaya't wala silang maidadahilan pa. Kahit na kilala nila ang Diyos, Siya'y hindi nila pinarangalan bilang Diyos, ni pinasalamatan man. Sa halip, naghaka-haka sila ng mga bagay na walang kabuluhan kaya't nagdilim ang hangal nilang pag-iisip. Sila'y nagmamarunong ngunit lumitaw na sila'y mga hangal. Tinalikuran nila ang kaluwalhatian ng Diyos na walang kamatayan, at ang sinamba nila'y mga larawan ng mga taong may kamatayan, ng mga ibon, ng mga hayop na lumalakad, at ng mga hayop na gumagapang.

Kaya't hinayaan na sila ng Diyos sa kanilang maruruming pagnanasa hanggang sa hindi na nila mapigil ang paggawa ng kahalayan sa isa't-isa. Tinalikuran nila ang katotohanan tungkol sa Diyos at pinalitan ng kasinungalingan. Sinamba nila at pinaglingkuran ang mga nilikha, sa halip na ang Manlilikha, na siyang dapat papurihan magpakailanman.

Dahil dito'y hinayaan sila ng Diyos sa mahahalay na pagnanasa. Ayaw nang makipagtalik ng babae sa lalaki ayon sa likas na kaparaanan, at sa halip ay sa kapwa babae sila nakikipag-ugnayan. Ganoon din ang mga lalaki. Ginagawa nila ang mga kasuklam-suklam na bagay, kaya't sila'y paparusahan ng nararapat sa kanilang masasamang gawa.

Dahil ayaw nilang kilalanin ang Diyos, hinayaan sila ng Diyos sa masasamang pag-iisip at sa mga gawaing kasuklam-suklam. Naging alipin sila ng lahat ng uri ng kasamaan, kabuktutan, kasakiman, maruruming pag-iisip, pagkainggit, pagpaslang, pagtatalo, pandaraya at masasamang hangarin. Sila'y naging mahilig sa tsismis, mapanirang puri, nasusuklam sa Diyos, walang pakundangan, mapagmataas, mayayabang, mapagkatha ng kasamaan, at suwail sa magulang. Sila'y naging mga hangal, mga taksil, mga walang puso, at di-marunong lumingap sa kapwa. Nalalaman nila ang utos ng Diyos na karapat-dapat sa parusang kamatayan ang mga gumagawa nito. Gayunpaman, hindi lamang patuloy sila sa paggawa nito kundi sumasang-ayon pa sila sa mga gumagawa rin ng mga ito.

- Ano ang nangyari sa isipan ng tao matapos nitong mahulog sa kasalanan?

  ______________________________________________________________

- Itala ang mga kasalanang umaalipin sa sangkatauhan.

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Dito sa ating bansa, isa sa ating napapansin na nakagagayuma sa lipunan ay ang mga iskandalo. Gustong-gustong malaman ng mga tao ang buhay ng may buhay - - kung sino ang ama ng pinagbubuntis ng kapitbahay, bakit nalulong sa bisyo ang anak ni Cardo, bakit maagang nabuntis si Nena at iba pa. Ang dahilan kung bakit nangyayari ang mga kalokohang ito ay sapagkat si Satanas ang prinsipe ng mundo (John 12:31). Siya ang kapangyarihan sa likod ng ahas sa Hardin ng Eden at siya pa rin ang kapangyarihang nasa likod ng mga sex-and-violence producers, drug pushers, mga occultista at espiritista, at sa mga tsismoso at tsismosa.

Samakatuwid, nakasalalay ang kapayapaan o katahimikan ng isang lipunan sa distansya nito sa katotohanan. Habang ang isang lipunan ay papalayo nang papalayo sa triad ng katotohanan, kabutihan at katuwiran, lalo itong magiging magulo, tulad ng nangyayari dito sa ating bansa.




Ang malaking kasalanan ay nagmumula sa maliit na kalokohan. Ang pagsuway sa mabigat na batas ay nagsisimula lamang sa pagbili ng pirated dvd o kaunting marijuana. Ang malakihang pangungurakot ay nagsisimula lamang sa pagtanggap ng maliit na lagay. Ang anarkiya o matinding kaguluhan ay nagsisimula lamang sa munting pagsuway sa batas - - tulad ng hindi pagsunod sa ilaw ng trapiko, pango-ngotong o pandurukot.

*Ang tanong ay ito: Paano mapipigilan ang paghantong sa matinding kaguluhan ng ating bayan?*

Maaaring naghahari sa ngayon si Satanas sa bayang Pilipinas, subalit kapag nagising ang iglesyang nakatayo sa salita ng Diyos, tiyak na magwawagi ang katotohanan, kabutihan at katuwiran. Nararapat pigilan ng mga nagtitiwala kay Cristo ang lipunan sa patuloy na pagsuway sa batas na humahantong sa matinding kaguluhan.

Mapipigilan ng mga Cristiano ang paghantong ng bayan tungo sa matinding kaguluhan kung tutuparin nila ang kanilang layunin bilang asin ng lupa at ilaw ng mundo.

Si Joshua ay patuloy paring sumama kila Pastor Edwin at sa iba pang kabataan na involved sa feeding program. Sa kabila nito, hindi napapabayaan ni Joshua ang kanyang pag-aaral, sa halip ay patuloy siyang nagsusumikap lalo na pag dumarating ang exams nila. Dahil dito, matataas pa rin ang kanyang mga gradong natatanggap. Marami ang nainggit kay Joshua at siya ay sinisiraan ng mga ibang kaklase niya. Ngunit sa halip na magalit si Joshua at magpaapekto sa kanila, patuloy pa rin siyang nagpapakita ng kabutihan sa mga ito at sinikap na pakitunguhan ang bawat isa ng maayos. Siya ay umaasa na sa pamamagitan ng mabuting pakikitungo ay magbabago ang kanyang mga kaklase at wala nang inggitang maganap at matigil ang paninira nila.

Kung ikaw si Joshua, ano ang magiging response mo sa mga taong naninira sa iyo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



Nagkakagulo ang mga tao dahil sa hindi pagkakaunawaan. Lahat ay may kagustuhan na sila ang tama. Kaya, kung ang nais ng isang lipunan ay ang makaiwas sa kaguluhan, dapat nilang alamin ang ibig sabihin ng totoo, mabuti at tama ayon sa Diyos, at hindi ayon kay Satanas o ayon sa tao. Tinuturo ng Bibliya na ang tanging source ng triad ng totoo, mabuti at tama ay ang Diyos lamang, at ang source ng kasinungalingan, masama at mali ay ang ama ng kasinungalingan, na ayon sa Panginoong Jesus ay si Satanas.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ano ang hakbang na iyong gagawin upang matigil ang lipunan sa patuloy na pagsuway sa batas na humantong sa matinding kaguluhan? kUNG

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Paano ka nagiging mabuting impluwensya sa iyong mga kasamahan sa:
   Tahanan _______________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Kapitbahay______________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Kamag-aral/Kaibigan/Katrabaho

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

______________________________________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Nakakaranas ng kaguluhan ang mundo dahil:</td></tr>
<tr><td>Mapipigilan ko ang paghantong sa matinding kaguluhan ng ating bayan sa pamamagitan ng:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Iwasan mo ang masasamang hilig ng kabataan, sa halip ay pagsikapan mong maging matuwid, tapat, mapagmahal at mapayapa, kasama ng mga taong may pusong malinis na tumatawag sa Panginoon. ***2 Timothy 2:22***